KALOOB
mula at tungo sa Bayan
ARTISTA-ISKOLAR-MANLILIKHA

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES 1908

OICA

# UP Diliman Arts and Culture Festival 2023





*Front and back cover design: Portion of the UP Diliman Arts and Culture Festival 2023 poster (foreground) with a collage of photos of the festival events (background). Artistic rendition of festival poster by Jacelle Isha B. Bonus, UPDIO; photos by Mariannel Crisostomo (OICA) and Jefferson Villacruz (UPDIO)*

*On this page: A dance performance of the UP Filipiniana Dance Group during the ACF 2023 opening. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*



# Inside


Mensahe ni Cecilia S. De La Paz, PhD 2

Mensahe ni Tsanselor Fidel R. Nemenzo 3

KALOOB mula at tungo sa Bayan: Artista-Iskolar-Manlilikha 4

ACF 2023 inilunsad sa programa ng pagtataas ng bandila 5

Pagkilala sa mga Pambansang Alagad ng Sining 9

Lagusan ng ambag ng 25 artista-iskolar 15

Ang kuwento sa likod ng sining 19

11 UPD artista-iskolar tampok sa kolokyum 23

Performance at pagka-Pilipino sa ACF 2023 26

Kuwentong pagsasalin, sining, at espasyo 32

Music through the decades 38

Isang hapong puno ng musika 45

Women artists give back 48

Mga awit at pahayag ng pag-ibig at pakikibaka 54

UPD celebrates Maranao women 59

Lumad identity: a product of encounters 63

Pangangalaga sa sining at kulturang T'boli 66

UPD shines light on Maguindanaon media 71

Bagong musika, handog sa masa 75

End credits and acknowledgments 82

# Mensahe ni Cecilia S. De La Paz, PhD*

## Direktor, UP Diliman Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining

Napakasarap sa pakiramdam na magkasama-sama tayo muli sa okasyong ito.

Sa araw na ito, ilulunsad naman natin ang *UP Diliman Arts and Culture Festival 2023* (ACF 2023) na may temang *KALOOB mula at tungo sa Bayan: Artista-Iskolar-Manlilikha* (Kaloob) na naglalayong magbigay ng pagkilala at pagpupugay sa mga artista, iskolar, at manlilikha ng bayan.

Ang ACF 2023 ay naglalayon ding humikayat na magtipon-tipon at pagnilayan ang konsepto ng kaloob, lalo na sa nagdaang pandemya, bilang handog ng ating galing, talino, at minsan nga ay buhay, na nagbibigay-diin sa ating pakikipagkapwa-tao sa kontekstong Pilipino.

May tatlong dimensiyon po ang ating festival.

Una, bibigyang-pugay ang mga bagong hirang na pambansang alagad ng sining na ginawaran noong nakaraang taon. Lima sa kanila ang kabilang sa ating komunidad.

Si National Artist Gemino Abad para sa panitikan, si National Artist Fides Cuyugan-Asensio para sa musika, si National Artist Ricardo Lee para sa pelikula at broadcast arts, si National Artist Agnes Locsin para sa sayaw, at si National Artist Antonio Mabesa para sa teatro.

Pangalawa, ipakikilala ng festival ang mga gawain at adhikain ng mga mag-aaral at iskolar ng UPD [UP Diliman] bilang tinatawag nating mga artista at iskolar.

Sa pamamagitan ng mga eksibisyon, talakayan, at pagtatanghal, ibibigay nila sa publiko ang kanilang obra at pananaliksik. Sila ang ating mga artista-iskolar mula sa Artist Support Program ng OICA [Office for Initiatives in Culture and the Arts]. Ang mga gawain ay tungkol po sa iba't ibang aspekto ng sining at kultura.

Ang pangatlong tampok sa ating festival ay naglalayon ding gawaran ng karampatang pagkilala ang mga manlilikha ng bayan o tagapaghawak ng kaalamang-bayan o iyon ngang tinatawag nating *culture bearers*.



*De La Paz. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

Sila ay nagsusulong ng tradisyonal na kultura sa iba't ibang komunidad sa ating bansa. Ito ang diwa ng ating pagtitipon sa araw na ito.

Sa pamamagitan ng palatuntunan ngayong umaga, ang *Kabilin*, ito na rin ang paglulunsad ng UP Diliman Culture Bearers-in-Residence Program.

Bilang pagtatapos, nais ko pong bigyang-diin ang mga katagang "mula at tungo sa bayan" sa ating festival title. Ito po ang konteksto at direksyon ng ideya ng Kaloob.

Mahalaga ang paglikha ng sining na nakatuntong sa karanasan ng bayan at sa paglaon ay ibinabalik din sa bayan. Ito na rin mismo ang pagsasabuhay ng ideya ng Oblation at isinasabuhay ng isang iskolar ng bayan.

Nawa ang mga karanasan at kaalamang makakalap natin sa Kaloob ay makaambag sa mas mayaman at malalim pang pag-unawa sa kondisyon ng ating bayan.

Mabuhay ang mga artista, iskolar, at manlilikha. Mabuhay ang sining Pilipino.

*Piling bahagi ng kaniyang mensahe sa *Pagbubukas ng UP Diliman Arts and Culture Festival 2023* noong Pebrero 6

# Mensahe ni Fidel R. Nemenzo, DSc*

## Tsanselor, UP Diliman

Nagagalak ako na pagkatapos ng tatlong taon na birtuwal ang flag ceremony, sa araw na ito ay muli tayong nagsasama-sama rito sa Quezon Hall at sa Oblation Plaza para saksihan ang pagtataas ng mga bandila ng Pilipinas at UP.

Makasaysayan din ang araw na ito dahil pagkatapos ng tatlong taon, muli nating maipagdiriwang ang UP Diliman Arts and Culture Festival nang live, sa pangunguna pa rin ng Office for Initiatives in Culture and the Arts [OICA].

Para sa taong ito, pinili natin ang temang Kaloob [*KALOOB mula at tungo sa Bayan: Artista-Iskolar-Manlilikha*] na maaaring ihanay sa mga salitang handog, ambag, regalo, alay, at pamana. Isa itong konseptong lalong nagpapatingkad sa bayanihan, pakikipagkapwa, at pakikisama nating mga Pilipino. Napapanahon ang temang Kaloob dahil hindi pa tapos ang pandemya at patuloy pa rin nating binabaybay ang mga pagsubok na dulot nito.

Higit sa lahat, ang Kaloob ay simbolo ng pag-aalay ng talento ng ating mga artista, iskolar, at manlilikha. Marapat lang na sa pagdiriwang ng *UP Diliman Arts and Culture Festival 2023*, bigyang-pugay natin ang mga tagumpay na natamo ng mga artista, iskolar, at manlilikha ng bayan.

Ngayong araw, binubuksan natin ang *KALOOB mula at tungo sa Bayan: Artista-Iskolar-Manlilikha* sa pamamagitan ng programang *Kabilin*, ang paglulunsad ng programang Pagpapamana ng Katutubong Kaalaman mula sa mga Tagapaghawak ng Kaalamang-Bayan o ang UP Diliman Culture Bearers-in-Residence Program.

Sa seminar na pinamagatang *Sining at Kamalayang Pilipino* na bahagi ng *UP Diliman Arts and Culture Festival 2022*, isang tanong mula kay National Artist [for Music] Ramon [P.] Santos ang pumukaw sa aking isipan. Aniya, "Bakit walang mekanismo ang UP upang makapag-anyaya ng mga *culture bearer* na magtuturo ng kaalamang-bayan o *indigenous knowledge* sa ating mga estudyante?"

Isang katotohanan na kung tutuusin, bilang pambansang unibersidad, dapat tayong manguna sa pagbibigay-suporta sa iba't ibang uri ng



*Nemenzo. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

karunungan at kaalaman. Ang mga ito ang siyang bumubuo ng kolektibang identidad ng Pilipino, anumang etnolinggwistikong pangkat ang kaniyang kinabibilangan.

Ang culture bearer o *culture master* ay mga guro rin ng ating lipunan. Sila ang mga buháy na pambansang yaman. Kaya naman malaking karangalan sa ating Unibersidad ang maimbitahan ang mga culture bearer para magkaloob ng husay, dunong, at karanasan sa ating mga estudyante, guro, at kawani.

Nawa'y maging daan ito para lalo pa nating mapangalagaan ang mga yamang-kultural ng ating bansa tulad ng paghahabi, pagtatato [*tattoo-making*], paglalala, pag-uukit, paglililok, pagtatanghal, pagbigkas ng mga epiko, pagtugtog ng mga tradisyonal na instrumentong pang-musika, pagluluto, paggawa ng alak, pagpreserba ng pagkain, pati paglalayag sa karagatan.

Sa araw na ito, pormal nating inilulunsad ang programang Pagpapamana ng Katutubong Kaalaman mula sa mga Tagapaghawak ng Kaalamang Bayan o ang UP Diliman Culture Bearers-in-Residence Program. Magsilbi nawang hugpungan ang programang ito ng mga ideya, karanasan, at gunita upang magtagumpay tayo sa pagtataguyod, pangangalaga, at pagpapayaman ng kaalamang-bayan dito sa Unibersidad tungo sa pagpapainam ng buhay ng sambayanan.

Maraming salamat, at mabuhay ang mga artista, iskolar, at manlilikha ng bayan.

Magandang umaga po sa inyong lahat.

*Piling bahagi ng kaniyang mensahe sa *Pagbubukas ng UP Diliman Arts and Culture Festival 2023* noong Pebrero 6




*Poster ng ACF 2023. Imahe mula sa OICA*

# ACF 2023 inilunsad sa programa ng pagtataas ng bandila

Mariamme D. Jadloc at Benito V. Sanvictores Jr.

**Matapos ang tatlong taon, muling nagsama-sama ang mga taga-UP Diliman (UPD) upang saksihan ang pagbubukas ng *UPD Arts and Culture Festival 2023* (ACF 2023) na may temang *KALOOB mula at tungo sa Bayan: Artista-Iskolar-Manlilikha* (Kaloob).**



*Ang executive staff ng Opisina ng Tsanselor kasama ang mga tagapaghawak ng kaalamang-bayan (mula kaliwa): Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad Luis Maria T. Bo-ot, Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Pangmag-aaral Louise Jashil R. Sonido, Bise Tsanselor para sa Pagpaplano at Pagpapaunlad Raquel B. Florendo, Direktor ng Opisina ng Impormasyon Jose Carlo G. de Pano, Rehistrador ng Unibersidad Maria Vanessa P. Lusung-Oyzon, Bise Tsanselor para sa Gawaing Akademiko Ma. Theresa T. Payongayong, Tagapaghawak ng Kaalamang-Bayan Lakay Benicio Sokkong, Papások na Pangulo ng Unibersidad Angelo A. Jimenez, UPD Tsanselor Fidel R. Nemenzo, Tagapaghawak ng Kaalamang-Bayan Maria Natividad Ocampo-Castro, Direktor ng Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining Cecilia S. De La Paz, Bise Tsanselor para sa Administrasyon Adeline A. Pacia, at Bise Tsanselor para sa Pananaliksik at Pagpapaunlad Gonzalo A. Campoamor II. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

Ang pagbubukas ng ACF 2023 ay naging bahagi ng seremonya ng pagtataas ng mga bandila ng Pilipinas at UP noong Pebrero 6 sa Bulwagang Quezon.

"Ang pagwagayway ng mga bandila ngayong umaga ay hudyat ng ating patuloy na pag-usad tungo sa mas mainam na kaayusan. Hudyat ito ng muling pagbubukas ng ating mga opisina at classroom, at pagbabalik ng *face-to-face classes* sa UPD. Hudyat ng ating tagumpay na lagpasan ang mga pagsubok ng COVID-19 pandemic," ani Tsanselor Fidel R. Nemenzo.

Ang temang Kaloob ay kahanay ng mga salitang handog, ambag, regalo, alay, at pamana, ayon kay Nemenzo.

"Isa itong konseptong lalong nagpapatingkad sa bayanihan, pakikipagkapuwa, at pakikisama nating mga Pilipino. Napapanahon ang temang Kaloob dahil hindi pa tapos ang pandemya at patuloy pa rin nating binabaybay ang mga pagsubok na dulot nito," dagdag niya.

Ayon kay Nemenzo, ang Kaloob ay simbolo ng pag-aalay ng talento ng mga artista, iskolar, at manlilikha. "Marapat lang na sa pagdiriwang ng ACF 2023, bigyang-pugay natin ang mga tagumpay na natamo ng ating mga artista-iskolar-manlilikha ng bayan," aniya.

Sabay ng pagbubukas ng ACF 2023 ang paglulunsad ng programang Pagpapamana ng Katutubong Kaalaman mula sa mga Tagapaghawak ng Kaalamang-Bayan o ang UPD Culture Bearers-in-Residence Program.

Ito ay bunsod ng obserbasyon ni Pambansang Alagad ng Sining sa Musika Ramon P. Santos na walang mekanismo ang UP upang makapag-anyaya ng mga *culture bearer* na magtuturo ng kaalamang-bayan o *indigenous knowledge* sa mga estudyante ng UP.

"Iyong culture bearer ay iyong taong, in a way, kino-consider natin na master o iyong mas may kahusayan sa paglikha ng mga tradisyonal na sining at mga *cultural expression*. Ito iyong mga taong, in a way, nagre-*represent* ng puso at kaluluwa ng mga Pilipino. Gayundin, nakaugnay sila roon sa kapaligiran, mga paniniwala sa Asya at ng Pasipiko," paliwanag ni Cecilia S. De La Paz, PhD, direktor ng OICA, sa ipinalabas na audiovisual presentation (AVP) ukol sa programa.



*Nemenzo. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*



*Pagbibigay-pugay kina Sokkong at Ocampo-Castro (una at pangalawa mula sa kaliwa). Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

Sa parehong AVP, sinabi ni Sir Anril P. Tiatco, PhD, tagapangulo ng Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro ng UPD Kolehiyo ng Arte at Literatura, na ang obserbasyon ni Santos ang pumukaw sa kaisipan ni Nemenzo upang buuin ang isang komite para makagawa ng programa kung saan iimbitahan ng UPD ang mga culture bearer na magbabahagi ng kanilang kaalaman sa Unibersidad.



*De La Paz. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

"Ang culture bearer, o *culture master*, ay mga guro rin ng ating lipunan. Sila ang mga buháy na pambansang yaman. Kaya naman, malaking karangalan sa ating unibersidad ang maimbitahan ang mga culture bearer para magkaloob ng husay, dunong, at karanasan sa ating mga estudyante, guro, mananaliksik, at kawani. Nawa'y maging daan ito para lalo pa nating mapangalagaan ang mga yamang-kultural ng ating bansa tulad ng paghahabi, pagta-tattoo, paglalala, pag-uukit, paglililok, pagtatanghal, pagbigkas ng mga epiko, pagtugtog ng mga tradisyonal na instrumentong pangmusika, pagluluto, paggawa ng alak, pagpreserba ng pagkain, pati paglalayag sa karagatan," ani Nemenzo.





*UP Filipiniana Dance Group.*
*Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

"Mayroong adhikain ang [UP] Diliman na mapagyaman ang ating mga *curriculum* na nakabatay rin sa kulturang Pilipino. Bagama't tayo ay nasa *internationalization* at mga interdisiplinaryo, dapat nating ma-*recognize* iyong mga kaalamang-bayang ito na nakabatay sa interdisiplinaryo ring pag-unawa sa ating kultura at kasaysayan," saad naman ni De La Paz.

Ayon kay Tiatco, ang Culture Bearers-in-Residence Program ay hindi lamang eksklusibo para sa mga nasa sining o hindi kaya ay sa *social sciences*, kasama rin dito ang mga nasa agham.

"May mga iilang salik o aspekto ng karunungan na hindi talaga masasagot mismo noong mga epistemolohiya at metodolohiyang ibinibigay sa atin ng pormal na institusyon. Kung papasukan natin ito ng moda mula sa indigenous knowledge na tinatawag nga nating katutubong kaalaman, maaari itong maging gabay rin para magkaroon tayo ng mas holistiko, mas malalim na pananaw hinggil sa realidad," dagdag niya.

Sa pagtatapos ay inanyayahan ni De La Paz ang mga yunit ng UPD na lumahok sa programa.

"*Especially*, iyong mga kursong naka-*anchor* sa *culture-based education and curriculum*... Maaari niyong tingnan ang programang ito bilang isang pagpapayaman din ng ating curriculum at *syllabus*," aniya. "Mahalaga talagang maranasan nila at mapakinggan ang mga pinagmulan talaga ng puso at diwa ng kulturang Pilipino," pagtatapos ni De La Paz.

Samantala, ayon kay Nemenzo, "Magsilbi nawang hugpungan ang programang ito ng mga ideya, karanasan, at gunita upang mapagtagumpayan natin ang pagtataguyod, pangangalaga, at pagpapayaman ng kaalamang-bayan sa Unibersidad tungo sa pagpapainam ng buhay ng sambayanan."

Ang *Kabilin: Paglulunsad ng Programang Pagpapamana ng Katutubong Kaalaman mula sa mga Tagapaghawak ng Kaalamang-Bayan* (Kabilin) at ang pagbubukas ng ACF 2023 ay inorganisa ng OICA para sa Opisina ng Tsanselor.

Ang seremonya ng pagtataas ng bandila, mga kaakibat na programa ng pagbubukas ng ACF 2023, at paglulunsad ng Kabilin ay dinaluhan ng mga opisyal ng UPD at UP System, at mga bumubuo ng komunidad ng UPD.

Nagtanghal sa programa sina JP Valad-on at ang UP ROTC Band.

Nag-alay ng orihinal na chant si Lakay Benicio Sokkong, isang dalubhasa sa katutubong musika ng Kalinga, sa saliw ng instrumentong tongali ni James Gazmin at ritmo ng mga gangsa ng UP Tugtugang Musika Asyatika, ukol sa pag-usbong ng programa at panawagan para sa matagumpay na paglulunsad nito sa Pamantasan.

Naghandog din ng sayaw ang UP Filipiniana Dance Group na nagtanghal ng *Dugso* mula sa Bukidnon, *Sakuting* mula sa Mountain Province, *Subli* mula sa Batangas, *Lawin-lawin* mula sa mga Bagobo, *Curacha* mula sa Samar-Leyte, at *Tinikling* mula sa Samar-Leyte, sa koreograpiya ni Peter Alcedo Jr.




*Ang ayos at disenyo ng entablado ng Duyan Ka ng Magiting.*
*Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

# Pagkilala sa mga Pambansang Alagad ng Sining

Bino Gamba

**Lima sa mga bagong hirang na Pambansang Alagad ng Sining (PAS) sa taong 2022 ay mula sa UP Diliman (UPD).**

Upang ipagbunyi ang kanilang pagkakahirang at upang kilalanin ang kanilang dangal at husay, idinaos ng Unibersidad ang *Duyan Ka ng Magiting: Pagpupugay sa mga Bagong Hirang na Pambansang Alagad ng Sining mula sa UP Diliman* (Duyan Ka ng Magiting).

Sa mensahe ni Tsanselor Fidel R. Nemenzo, binigyang-pugay ng UPD ang limang bagong PAS dahil kapita-pitagan ang kanilang mga ambag sa mundo ng sining, lalo na sa kani-kanilang larangan.

"Ang kanilang pagiging konsensiya ng bayan ang dahilan kung bakit sila binansagang Duyan ng Magiting ng UPD. Sila ang lundayan ng mga mithiin at saloobing hindi maipahayag ng mga nasa laylayan ng lipunan," ani Nemenzo.

Ang limang bagong PAS na sina Gemino H. Abad (panitikan), Fides Cuyugan-Asensio (musika), Ricardo Lee (pelikula at broadcast arts), Agnes D. Locsin (sayaw), at Antonio O. Mabesa (teatro, posthumous) ay pinagkalooban ng tropeo, sertipiko, at medalyon nina Nemenzo at Pangulo Angelo A. Jimenez ng UP.

**Abad.** Makata, *fictionist*, *literary critic*, at *historian*, si Abad ay nagturo ng English, *comparative literature*, at malikhaing pagsulat sa UPD.

Iginawad ng UP noong 2004 kay Abad ang titulong university professor emeritus of literature.

Si Abad ay naging kalihim ng Unibersidad at ng Lupon ng mga Rehente (1977–1982), bise presidente para sa mga gawaing akademiko (1987–1990), at direktor ng UP Creative Writing Center (1995–1998) na ngayon ay UP Institute of Creative Writing.

Noong 2009, si Abad ang naging unang Pilipinong ginawaran ng prestihiyosong Premio Feronia sa Rome, Italy para sa kategoryang "foreign author".

Nagtapos si Abad ng PhD (English) noong 1970 at MA (English) na may karangalan noong 1966 mula sa University of Chicago, USA, at AB (English), magna cum laude, mula sa UP noong 1964.

*(Mula kaliwa) Direktor Cecilia S. De La Paz ng UPD Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (Office for Initiatives in Culture and the Arts / OICA), Jimenez, Abad, at Nemenzo. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*






*(Mula kaliwa) De La Paz, Jimenez, Cuyugan-Asensio, Nemenzo, at Dekano LaVerne David C. de la Peña ng CMu. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

**Cuyugan-Asensio.** Si Cuyugan-Asensio ang tagapangulo ng Department of Voice, Music Theater, and Dance ng UPD Kolehiyo ng Musika (College of Music / CMu) mula 1988 hanggang 1997. Taong 1997 din nang siya ay hinirang na professor emeritus of voice.

Isang coloratura soprano, artista, *librettist*, *lyricist*, *pedagogue*, *producer*, at direktor si Cuyugan-Asensio.

Binuo ni Cuyugan-Asensio ang Music Theater Foundation of the Philippines noong 1986. Ito ay isang *non-profit organization* na nagtataguyod ng pagtatanghal ng musical theater at nagbibigay ng mga scholarship sa mga batang *classical performer*.

Tinanggap niya ang Gawad CCP Para sa Sining ng Cultural Center of the Philippines noong 2015 at ang PAMA-AS Gintong Award for the Musical Arts ng National Commission for Culture and the Arts noong 2005.

Nagtapos si Cuyugan-Asensio ng Bachelor of Music (major in voice, minor in piano) sa Philippine Women's University noong 1951 at ng artist's diploma (major in voice) sa Curtis Institute of Music sa Pennsylvania, USA.




*(Mula kaliwa) De La Paz, Jimenez, Lee, Nemenzo, at Dekano Jimmuel C. Naval ng UPD Kolehiyo ng Arte at Literatura. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

**Lee.** *Screenwriter* para sa pelikula at telebisyon, mamamahayag, *playwright*, at *fictionist*, si Lee ay sumulat ng mga dulang pampelikula na naging bahagi ng Second Golden Age of Philippine Cinema.

Ang ilan sa mga ito ay ang *Brutal* (1980), *Salome* (1981), *Himala* (1981), *Karnal* (1983), *Sa Kuko ng Agila* (1989), *Jose Rizal* (1988), at *Culion* (2019).

Siya ang may akda ng *Trip to Quiapo*, isang aklat-aralin na ginagamit sa kursong komunikasyon sa Pilipinas.

Nagturo si Lee ng *scriptwriting* sa Film Institute ng UPD Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla, at nagsasagawa siya ng mga libreng *scriptwriting workshop* na nakatulong sa karera ng maraming artistang ngayon ay nagtatrabaho sa telebisyon at pelikula sa parehong *mainstream* at *independent* media.

Siya ay pinarangalan ng Manunuri ng Pelikulang Pilipino (Gawad Urian), Philippines Free Press (Philippines Free Press Literary Awards), Carlos Palanca Foundation (Palanca Awards for Literature), Manila Critics Circle (National Book Awards), at Philippine Press Club (Star Awards).

**Locsin.** Napasigla ni Locsin ang interes ng mga kabataang artista at mananayaw sa estilong neo-ethnic. Ito ay ang pinagsamang estilo at estetika ng sayaw na katutubo at kanluranin.

Kabilang sa kaniyang mga premyadong gawa ang *La Revolucion* (1996) at *Igorot* (1987).

Kabilang sa mga karangalang natanggap ni Locsin ang Gawad CCP Para sa Sining, Alfonso T. Ongpin Prize para sa *Philippine Neo-ethnic Choreography: A Creative Process* bilang Best Book on Arts, at ang unang Gador Award mula sa CCP.

Siya ang dating artistic director ng Ballet Philippines (1989-1999) at kasalukuyang artistic director at tagapangulo ng Locsin Dance Workshop sa Davao City.

Si Locsin ay senior lecturer sa dance pogram ng CMu mula Hunyo 1985 hanggang Mayo 1992.

Nagtapos si Locsin ng AB (English) sa Ateneo de Davao University at MA (dance) sa Ohio University, USA.

*(Mula kaliwa) De La Paz, Jimenez, Locsin, Nemenzo, at De La Peña. Larawan mula sa OICA website*



**Mabesa.** Pinangunahan ni Mabesa ang pagbuo ng kurikulum sa sining panteatro ng UPD.

Itinatag niya ang Dulaang Unibersidad ng Pilipinas (1976), ang UP Playwrights' Theatre (1986), at ang Angeles University Foundation Repertory Company (2002).

Ilan sa mga parangal na natanggap ni Mabesa ang Ani ng Dangal mula sa National Commission for Culture and the Arts (2021), Parangal sa Sandaan ng Society of Philippine Entertainment Editors, Best Actor Award sa *52nd Worldfest-Houston International Film Festival* (2019), at Best Actor in Supporting Role sa Metro Manila Film Festival (2018).

Hinirang siya ng UP bilang professor emeritus noong 2002.

Nagtapos si Mabesa ng *graduate studies* sa *dramatic literature* mula sa University of Minnesota, USA (1986), *master's degree* (special education) mula sa University of Delaware, USA (1969), *master's degree* (theatre arts) mula sa University of California, USA (1965), at BS (agriculture) mula sa UP Los Baños (1956).

Ang Duyan Ka ng Magiting ay naganap noong Pebrero 24 sa Teatro ng Unibersidad.




*(Mula kaliwa) De La Paz, Jimenez, Mayenmi Mabesa-Oca (kinatawan ni Mabesa), Nemenzo, at Naval. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

# Lagusan ng ambag ng 25 artista-iskolar

Mariamme D. Jadloc

**Isang lagusan ng kaloob.**




*Ang eksibisyong Kaloob-Sining Biswal.*
*Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*






*(Mula kaliwa) Sina De La Paz, Nemenzo, at Ferdinand C. Llanes, PhD, propesor sa Departamento ng Kasaysayan ng UPD Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya sa Kaloob-Sining Biswal sa Palma Hall lobby. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*



*Ang mga kalahok sa eksibit na mga artista-iskolar at ang mga miyembro ng OICA Advisory Board sa pangunguna ni De La Paz (ikalawang hilera, gitna sa mga nakatayo), kasama si Nemenzo (ikalawang hilera, pang-apat sa mga nakatayo mula sa kaliwa) at ang panauhing pandangal na si Romeo P. Peña, dekano ng Kolehiyo ng Arte at Literatura sa Polytechnic University of the Philippines at dating grantee ng CCTGACH (ikalawang hilera, panglima sa mga nakatayo mula sa kaliwa). Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*

Iyan ang nabanggit ni Direktor Cecilia S. De La Paz ng UP Diliman (UPD) Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (Office for Initiatives in Culture and the Arts / OICA) sa paglalarawan sa eksibisyong *Kaloob-Sining Biswal: Mga Likha ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman* (Kaloob-Sining Biswal).

"Ang eksibisyong ito ay maaaring ituring na lagusan ng kaloob o ambag ng iskolar ng VACSSP [UPD Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program] at CCTGACH [UPD Creative/Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities] sa malawak na UP community tungkol sa pananaw o bisyon," ani De La Paz.

Ang VACSSP at CCTGACH ay ilan sa mga Artist Support Program ng OICA.

Kalahok sa eksibit ang 25 artista-iskolar ng OICA na nagbahagi ng kanilang mga likhang-sining na tumutugon sa iba't ibang tanong tungkol sa sining at lipunan.

Binuksan noong Pebrero 28 sa Palma Hall lobby, ito ay nagtampok ng mga *video art* at iba't ibang porma ng sining na *two-dimensional*.

Ang mga kalahok na artista-iskolar ay sina Ma. Gabrielle R. Abueva, Luigi Almuena, Ez Arce, Allyster Arroza, Rafael Joy F. Banday, Mycah Y. Bongabong, Justine D. Borlagdan, Erma Dianne T. Decena, Chevy M. Dela Cruz, Justine Delima, Roanne Descallar, Jhomelyn Escobal a. k. a. VIII, Raia Alexis T. Gallardo, Jeryc Garcia, Nicholas Jalea, Katha, Kyle Germane E. Labayan, titat n. ledesma, Andre O. Magpantay, Yllang Montenegro, Romeo Nungay III, Katey Oliva, Annie Dennise Pacaña, Fatima Rabia, at CJ Silva.

Sa kaniyang paalala sa mga artista-iskolar, sinabi ni De La Paz na "Kayo ang kinatawan ng mas malawak na komunidad ng mga artista-iskolar sa loob at labas ng kampus. Nawa'y maipagpatuloy ninyo ang inyong sining nang may puso at dangal sa mga susunod na panahon pa at sa anumang larangan ng buhay, at nawa'y patuloy kayong lumikha ng sining na mula at patungo sa bayan."

Ayon naman kay Tsanselor Fidel R. Nemenzo, ang mga artista-iskolar ay ang mga kayamanan ng Unibersidad.

“Naniniwala akong malaki ang naiaambag ng mga artista-iskolar ng UPD sa pagpapayabong ng sining na may malasakit sa sambayanan, sangkatauhan, at sanlibutan,” aniya.

Ang Kaloob-Sining Biswal ay nanatili sa Palma Hall lobby hanggang Marso 17.

Makikita ang mga kalahok na likhang-sining sa online catalog ng Kaloob-Sining Biswal sa https://bit.ly/UPDOICAOnlineExhibits.



*Si Nemenzo habang pinagmamasdan ang likhang-sining ni Magpantay na* **Para sa Bagong Pag-asa, 2021** *(digital print on canvas, 36 x 24 inches). Sa gilid ni Nemenzo ay sina Llanes at De La Paz. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*



*Isang tagpo sa eksibit kung saan pinagmamasdan ng mga dumalo ang mga likhang-sining. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*



Peña. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO

# Ang kuwento sa likod ng sining

Mariamme D. Jadloc

Ibinahagi ni Romeo P. Peña, PhD kung paano siya naging artista-iskolar ng UP Diliman (UPD) at dating *grantee* ng Creative/Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities (CCTGACH).


Siya ay panauhing pandangal sa pagbubukas ng *Kaloob-Sining Biswal: Mga Likha ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman* (Kaloob-Sining Biswal), isang eksibit ng mga likhang-sining ng mga artista-iskolar ng UPD sa Palma Hall lobby noong Pebrero 28.

Bukod sa pagiging dekano ng Kolehiyo ng Arte at Literatura sa Polytechnic University of the Philippines (PUP), siya ay propesor ng literatura, malikhaing pagsulat, at pananaliksik sa Kagawaran ng Filipinolohiya at Graduate School ng PUP.

Si Peña ang may-akda ng nobelang *Isang One Dalawang Zero.*

**Artista-iskolar.** Ang CCTGACH ay isang Artist Support Program na pinamamahalaan ng UPD Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (Office for Initiatives in Culture and the Arts / OICA).

Ani Peña, "Marami pong salamat sa OICA sa paanyayang makapagbigay ng mensahe sa gawaing ito. Hindi ko matanggihan ang programa bilang dating grantee ng CCTGACH—ang grant na nagbigay sa akin ng gasolina para matapos ko po ang aking disertasyon. Malaki po ang tulong na ito sa mga gaya naming iskolar at mga manunulat at artista."




*Pabalat ng Isang One Dalawang Zero. Larawan mula sa Facebook page ng Isang One Dalawang Zero*

"Naalala ko pa noong panahong nag-*submit* ako ng aking documents para sa grant na ito [CCTGACH]. Ang umasikaso sa akin sa opisina [ng OICA] ay si Ma'am Malou [Bb. Maria Lourdes B Arandia, administrative officer ng OICA]. Galing ako sa amin sa Bondoc Peninsula sa Quezon Province dahil ako ay nag-*fieldwork* para sa aking sinisimulang disertasyon na may kinalaman sa produksiyong pampanitikan ng mga magkokopra o magniniyog, o ang tawag sa amin sa Quezon ay maglulukad," saad ni Peña.

Nagpatuloy sa pagsasalaysay si Peña kung paano siya naging manunulat at artista-iskolar ng UPD.

"Anak po ako ng maglulukad o magkokopra. Napadpad lamang ako sa Maynila para magkolehiyo," aniya.

Kaniya ring ipinaliwanag ang kaniyang naging pananaliksik sa panitikan ng mga maglulukad.

"Naging interesado ako sa mga akdang pampanitikan ng mga magkokopra sa amin dahil may ibang hatak ito kaysa sa mga nababasa kong panitikan noong nag-aaral ako. Oo, lumilikha ng panitikan, ng sining, ang mga maglulukad sa amin. *Proud* ako rito," buong pagmamalaking saad ni Peña.

Dagdag niya, “Gaya ng mga natutunghayan natin na mga likhang-sining ngayon, ang mga ito’y mga boses na nagbigay-tinig, mga harayang nagkakaroon ng hugis, at mga diwang lubos na nagpapaunawa. Sa sining din ako nahumaling.”

**Anak ng maglulukad.** Isinalaysay ni Peña ang simula ng kaniyang pagkagiliw sa panitikan.

“Gaya ng nabanggit ko, tubong Bondoc Peninsula ako sa lalawigan ng Quezon. Pagko-kopra o paglulukad ang ikinabubuhay namin doon simula pa sa lolo ko. Lumuwas lang ako sa Maynila para mag-aral dito. Bata pa lamang, mahilig na akong magbasa. Tuwing *summer* ay hindi ako pumapayag na walang dala-dalang pasalubong ang tiyahin kong nagtatrabaho sa isang *bookstore* sa Maynila,” ani Peña.


Sa pagpapatuloy ng kaniyang kuwento, nasabi ni Peña na sa kolehiyo niya natuklasan ang mga babasahing mas lalong nakatulong sa kaniya.

“Pinahalagahan ko nang husto ang Noli [*Noli Me Tangere*] at Fili [*El Filibusterismo*] hindi gaya ng pagpapahalaga ko sa mga ito noong nasa high school ako. *Ang Mga Agos sa Disyerto* [ni Efren Abueg] at ang mga tula ni Alejandro Abadilla ang mga unang tulang pinahalagahan ko bago ang iba pang mga tula,” aniya.

**Pag-usbong ng isang artista.** Ibinahagi ni Peña na lalong umigting ang pagmamahal niya sa pagbabasa at pagpapahalaga sa mga aklat na kaniyang binili at ginamit sa pag-aaral. Nagsimula na rin siyang magsulat tungkol sa Bondoc Peninsula.

“Nagsimula akong magsulat ng mga akdang hinuhugot ko sa bayang aking pinagmulan. Bandang huli, maisusulat ko ang isang nobela na naging tesis ko sa MA (malikhaing pagsulat) dito sa Kolehiyo ng Arte at Literatura sa UPD. Ito ay isang etnograpikong nobela na ang pamagat ay *Isang One Dalawang Zero* na tumatalakay sa kalagayan ng mga magniniyog sa pinagmulan kong bayan,” saad niya.

**Ang OICA Artist Support Program.** Ipinagpasalamat din ni Peña ang pagkakapili sa kaniya bilang grantee ng CCTGACH.




*Ang panel ng mga Artist Support Program ng OICA.*
*Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO*



*(Mula kaliwa) Nemenzo, Peña, at De La Paz. Larawang kuha ni Jefferson Villacruz, UPDIO.*

"Higit dito, ang napagkalooban ng grant ay ang aking disertasyon dito sa Tri-College PhD (Philippine studies) na pag-aaral naman patungkol sa industriya ng niyog at ang produksiyong pampanitikan ng mga magniniyog na natapos ko sa kasagsagan ng pandemya noong 2020. Dahil dito'y naka-graduate din ako sa taong iyon," saad ni Peña.

Bilang pangwakas ay ibinahagi ni Peña ang kahalagahan ng sining sa kaniyang buhay.

"Tulad po ninyo, sining ang aking naging kanlungan para maitanghal ang aking bayan. Sa lahat ng ito, mababatid nating dahil sa sining, napagkalooban tayong buuin ang espasyong higit na malaya, payapa, at malikhain," aniya.

Si Peña ay grantee ng CCTGACH noong Akademikong Taon 2018-2019 at nagtapos ng kaniyang MA (malikhaing pagsulat) noong 2018 at PhD (Philippine studies) noong 2020 sa UPD.

Ang eksibisyong Kaloob-Sining Biswal ay nakalagak sa Palma Hall lobby hanggang Marso 17 at may *online adaptation* sa website ng OICA.

# 11 UPD artista-iskolar tampok sa kolokyum

Mariamme D. Jadloc

**Mga diwa ng pagbibigay at paglilingkod ang ipinakita at tinugunan ng 11 artista-iskolar ng UP Diliman (UPD) sa nakaraang online na kolokyum ng UPD Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (Office for Initiatives in Culture and the Arts / OICA).**

Itinampok sa *Kaloob-Saliksik: Bahaginan ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman* (Kaloob-Saliksik) sina P. A. Echague, Jeannae Dorcas L. Dormido, Fredyl B. Hernandez, Andre O. Magpantay, Marielle Fatima B. Tuazon, Ken Bernardez, Rayji de Guia, Raia Alexis T. Gallardo, Rochel Ellen C. Bernido, titat n. ledesma, at Annie Dennise Pacaña. Si Gallardo ay kumatawan sa kaniyang grupong binubuo niya at nina Leila Crisostomo, Ivan Joseph M. de Lara, at Manpreet Singh.

Sila ay mga artista-iskolar na napabilang sa OICA Artist Support Programs na UPD Performing Arts Scholarship Program (PASP), UPD Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program (VACSSP), at UPD Creative/Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities (CCTGACH).

Ayon kay Rachel T. Siringan, ang pangunahing tagapagpadaloy ng kolokyum, layunin ng Kaloob-Saliksik na maging espasyo ng mga pananaliksik ng mga artista-iskolar na patungkol sa sining, lipunan,







*(Itaas) De La Paz at (kanan) Siringan. Mga screenshot ng kolokyum*

at sangkatauhan. Nais din nitong magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa mga pananaliksik na nabanggit. Si Siringan ay isang PASP scholar noong Akademikong Taon 2021-2022.

Ang kolokyum ay binubuo ng apat na panel. Bawat panel ay may sariling tagapagpadaloy at may hanggang tatlong tagapagsalita.

Kasamang naging tagapagpadaloy ni Siringan sina Bryan L. Viray, Manuel Kristoffer Giron, Jem R. Javier, PhD, at Gianpaolo L. Arago.



Si Viray ay katuwang na propesor ng sining panteatro sa Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro ng UPD Kolehiyo ng Arte at Literatura (College of Arts and Letters / CAL). Si Giron ay katuwang na propesor sa Departamento ng Aralin sa Sining (Department of Art Studies / DAS) ng CAL. Samantala, si Javier ay katuwang na propesor ng linggwistiks at dating tagapangulo ng Departamento ng Linggwistiks ng UPD Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, habang si Arago ay katuwang na propesor mula sa DAS.

Ang mga artista-iskolar sa kolokyum ay ilan lamang sa mahigit na 400 mag-aaral ng UPD na nakatanggap ng benepisyo ng PASP, VACSSP, at CCTGACH.


Ayon kay Cecilia S. De La Paz, PhD, direktor ng OICA, ang mga programa ng OICA na sumusuporta sa mga artista-iskolar ay tumutugon sa adhikain ng UPD na pagyamanin ang pagkamalikhain ng mga mag-aaral ng Pamantasan.

"Ang mga estudyanteng napabilang sa mga programang ito matapos silang sumailalim sa *rigorous screening processes* ay tinagurian nating mga artista-iskolar ng bayan," dagdag niya.

"Napatunayan ng kolokyum na ito na ang sining at kultura ay umuugnay sa iba't ibang disiplina, tumatalakay sa mga problema, nagbibigay ng mga solusyon, nagsusulong ng mga karapatan, at napapalalim ng ating kaalaman patungkol sa tao, lipunan, at sanlibutan," ayon kay Siringan.


Ang kolokyum ay naganap noong Marso 8, mula 8:30 n.u. hanggang 4:30 n.h. sa Zoom. Napanood din ito sa YouTube channel at Facebook page ng OICA.

*Programa ng kolokyum. Screenshot ng kolokyum*



**Daloy ng Programa**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **9:00 n.u.** | Unang Panel | *Performance*, mga Tradisyon, at mga Adbokasiya/ *Performance, Traditions, and Advocacies* | Tagapagdaloy: Prop. Bryan Levina Viray |
| **10:30 n.u.** | Ikalawang Panel | Pagka-Pilipino: Konsepto at mga Isyu/ *Being Filipino: Concept and Issues* | Tagapagdaloy: Prop. Manuel Kristoffer Giron |
| **12:00 n.h.** | Lunch Break | | |
| **1:30 n.h.** | Ikatlong Panel | Dinamika ng Pagsasalin/ *Dynamics in Translation* | Tagapagdaloy: Prop. Jem R. Javier, PhD |
| **2:40 n.h.** | Ikaapat na Panel | Sining at Espasyo/ *Art and Space* | Tagapagdaloy: Prop. Gianpaolo L. Arago |
| **4:10 n.h.** | Pormal na Pagsasara | | |




*Title card. Screenshot ng kolokyum*

# Performance at pagka-Pilipino sa ACF 2023

Mariamme D. Jadloc

**Dalawang panel ang itinampok sa pang-umagang sesyon ng online na kolokyum na *Kaloob-Saliksik: Bahaginan ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman* (Kaloob-Saliksik). Ang unang panel ay ipinadaloy ni Bryan L. Viray at ang ikalawang panel ay ipinadaloy naman ni Manuel Kristoffer Giron.**

Si Viray ay katuwang na propesor ng sining panteatro sa Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro (Department of Speech Communication and Theatre Arts) ng UP Diliman (UPD) Kolehiyo ng Arte at Literatura (College of Arts and Letters / CAL). Si Giron ay katuwang na propesor sa Departamento ng Aralin sa Sining ng CAL.

**PERFORMANCE.** Ang unang panel ay pinamagatang *Performance, mga Tradisyon, at mga Adbokasiya* (Performance). Sinundan ito ng panel na *Pagka-Pilipino: Konsepto at mga Isyu* (Pagka-Pilipino).

Tampok sa Performance sina P. A. Echague at ang kaniyang saliksik na *Amey Takod Num-A* (Let's Go to the Garden), Jeannae Dorcas L. Dormido na nagbahagi ng *Banyuhay: TUGMA's* (UP Tugtugang Musika Asyatika) *Plight to Survive its Musicking Traditions Amidst the New Normal*, at Fredyl B. Hernandez at para sa kaniyang papel na *Disiplina, Dayalogo, at Dula*.




*Isang bahagi ng presentasyon ni Echague (inset). Screenshot ng kolokyum*

"Ang panel na ito ay nakasentro sa konsepto ng performance bilang moda at lagusan ng tradisyon at adbokasiya. Saklaw nito ang mga kasanayang bukal sa mga epistomolohiyang lokal at katutubo, at kung paano isinabuhay at pinagyayaman ang mga ito sa panahon ngayon," ayon kay Viray.

"Kasama rin dito ang mga kontemporaryong adhikaing tumutugon sa mga isyu sa ating lipunan," dagdag niya.

Ibinahagi ni Echague ang pananaliksik niya sa mga hardinero ng *cut flower farming* sa Sitio Lamut, La Trinidad, Benguet.

Si Echague ay estudyante ng antropolohiya na nasa ikaapat na taon at iskolar ng UPD Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program (VACSSP) noong Akademikong Taon (AT) 2022-2023.

Sinabi ni Viray na malinaw na naitawid ng presentasyon ni Echague ang mga negosasyon at tunggalian ng iba't ibang sistema ng kaalaman. Aniya, interesanteng malaman at maunawaan ang negosasyon at minsa'y paglalaban ng iba't ibang sistema ng kaalaman.

"Naging kritikal din ang pag-aaral ni P. A. sa *universality* ng *scientific knowledge*. Narinig natin kung paanong itinanghal ni P. A. sa kaniyang pananaliksik ang bisa at halaga ng *local knowledge* o ang binabanggit na epistomolohiyang lokal," ani Viray.




*Isang bahagi ng presentasyon ni Dormido (inset). Screenshot ng kolokyum*

Samantala, ang paksa naman ni Dormido ay sa pinagdaanan ng TUGMA sa panahon ng pandemya. Ibinahagi niya kung paano nakaapekto ang pandemya sa mga kaganapan ng grupo at kung paano ito nagpapatuloy sa kasalukuyan.

Ang TUGMA ay isang student-based performing organization na nakabase sa UPD Kolehiyo ng Musika (College of Music / CMu).

Ayon kay Viray, "Bagama't online, nag-*remote recording*, at may mga hamong hinarap ang mga grupo, ipinagpatuloy nila ang mga aspekto ng *musicking system* sa pamamagitan ng kanilang proyektong *Banyuhay* at mga gawaing kolaborasyon kasama ang ilang grupo o institusyon. Sa palagay ko ay napagtagumpayan ng TUGMA ang online transition na binanggit ni Jeannae."

Si Dormido ay direktor ng musika at mananaliksik mula sa CMu at iskolar ng UPD Performing Arts Scholarship Program noong AT 2020-2021 at AT 2021-2022.




*Isang bahagi ng presentasyon ni Hernandez (inset). Screenshot ng kolokyum*

Ibinahagi naman ni Hernandez ang estetika ng dayalogo, adbokasiyang panteatro, positibong disiplina, at karapatang pambata habang tinatalakay niya ang kaniyang saliksik na sumesentro sa dramang *Rated PG*.

Si Hernandez ay senior artist teacher, miyembro ng Philippine Educational Theater Association, at iskolar ng UPD Creative/Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities noong AT 2021-2022.




*Si Viray (itaas) kasama ang mga tagapagsalita sa unang panel na sina (ibaba mula kaliwa) Echague, Dormido, at Hernandez. Screenshot ng kolokyum*

**Pagka-Pilipino.** Ayon kay Giron, ang paksa ng ikalawang panel na Pagka-Pilipino ay matagal nang binabaybay ng mga artista at mga iskolar ng sining at kultura.


"Binibisita ng panel na ito ang konsepto ng pagka-Pilipino ngunit inilalapat sa konteksto ng kontemporanyong panahon na lubog sa karanasan ng globalisasyon at mass media," ani Giron.

Itinampok sa panel na ito sina Andre O. Magpantay (VACSSP, AT 2021-2022, AT 2022-2023), Marielle Fatima B. Tuazon (VACSSP, AT 2021-2022, AT 2022-2023), at Ken Bernardez (VACSSP, AT 2022-2023).

Sa presentasyon na *Who/What/Where Are We Now? Contemporary Issues on Art in the Philippine Society*, nabanggit ni Magpantay na "The place of art in the Filipino society is threatened by the different social and political issues, for the artist is challenged by questioning the purpose of their art."

Ani Magpantay, "The ongoing process of what is Filipino should come with a realization of accepting [the] wholeness and diversity of Philippine art and culture."

Ayon kay Giron, ang pagtingin sa konsepto ng pagka-Pilipino ay isang bagay na nagmula hindi lamang sa pangkalahatang karanasan ngunit pati na rin sa indibidwal na karanasan ng mga artista na may sari-sariling alalahanin, boses, at perspektiba sa konsepto ng pagka-Pilipino.





*Presentasyon ni Magpantay. Screenshot ng kolokyum*


Ibinahagi naman ni Tuazon ang kaniyang saliksik na *Pamanang Panlasa: Tatlong Restawrang Pilipino-Amerikano bilang Lunan ng Identidad at Alaala*.

"Karamihan sa mga Pilipino sa iba't ibang bahagi ng mundo ay may misyong pakainin ang kapwa Pilipino na nangungulila sa lasa ng pagkain na matitikman lamang sa Pilipinas. Ang panggigiit ng pagka-Amerikano ay prominente pa rin sa mga ikalawang henerasyong Pilipino-Amerikano kasi mas babad sila sa Estados Unidos. Dahil sa pagka-Pilipino, nagkakaroon ng pisikal na espasyo ang mga Pilipino-Amerikano. Ang mga restawran ay hindi lamang hanapbuhay kundi isang lugar ng pagtitipon," ani Tuazon.

Aniya, lubhang kailangan ang mga restawran ng pagkaing Pilipino sa iba't ibang bansa upang mapanatili ang identidad, kultura, at kasaysayan ng mga Pilipino sa labas ng Pilipinas.




*Isang bahagi ng presentasyon ni Tuazon (inset). Screenshot ng kolokyum*




*Isang bahagi ng presentasyon ni Bernardez (inset). Screenshot ng kolokyum*

Ang panghuling presentasyon ng ikalawang panel ay mula kay Bernardez na *The Effects of "Maria Clara at Ibarra" in Promoting Nationalism in the Filipino Youth* (Maria Clara at Ibarra).

Ayon kay Bernardez, "Maria Clara at Ibarra catapulted and reignited nationalistic ideals to its targeted audience: the millennials and generation Zs of this century with the inclusion of a small number of generation X. This wider audience count broadcasted Rizal's novels into ages between 10 years old and 58 years old in its run. With this extended reach, people started talking [and], buzzing about the show both online through social media and at the confines of their own homes. These conversations allow people to informally discuss issues we are facing today and how they connect in the past."

Ito ang kauna-unahang kolokyum na itinampok ang mga artista-iskolar ng UP Diliman (UPD) Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (Office for Initiatives in Culture and the Arts / OICA) mula sa mga Artist Support Program ng opisina.

Nagpasalamat si Direktor Cecilia S. De La Paz ng OICA sa mga kalahok na mga mananaliksik at artista-estudyante sa kanilang "partisipasyon dahil sa talas ng sipat at suri nila, bilang mga bagong henerasyon, para sa bayan. Kami po ay nagpapasalamat na naipagpapatuloy nila ang kanilang mga gawaing sining at gawaing pananaliksik, at sana ito ay mapagyabong nila sa mga susunod na panahon at sa anumang larangan ng buhay."

Ang Kaloob-Saliksik ay naganap noong Marso 8, mula 8:30 n.u. hanggang 4:30 n.h. sa Zoom. Napanood din ito sa YouTube channel at Facebook page ng OICA.




*(Mula kanan, ikot-pakanan) Tagapagpadaloy na si Giron kasama ang mga tagapagsalitang sina Bernardez at Tuazon. Screenshot ng kolokyum*

# Kuwentong pagsasalin, sining, at espasyo

Mariamme D. Jadloc

**Sa kolokyum na *Kaloob-Saliksik: Bahaginan ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman* (Kaloob-Saliksik) na isinagawa online, tinalakay sa ikatlong panel ang paksang pagsasalin habang ang mga paksang sining at espasyo naman ang tinalakay sa ikaapat na panel.**




*Ang mga tagapagsalita sa ikatlong panel na sina Gallardo (kaliwa, itaas) at De Guia (kaliwa, ibaba), kasama ang tagapagpadaloy na si Javier (kanan). Screenshot ng kolokyum*

Ipinadaloy ni Jem R. Javier, PhD, katuwang na propesor sa Departamento ng Linggwistiks ng UP Diliman (UPD) Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, ang ikatlong panel na pinamagatang *Dinamika ng Pagsasalin.*

"Kung iisipin natin, sino bang Pilipino ang kilala ninyong monolingual speaker? Parang wala tayong kilala na iisang wika lang ang nalalaman. Karamihan sa atin ay dalawa, tatlo, o higit pa iyong sinasalita," ani Javier.

"Sa panel na ito, ilalatag natin kung paano patuloy na pinapanday ng kasaysayan at karunungang pangkultura ang pagsasalin, salungat sa globalisadong pagkonsumo ng media. Sinasalamin nito ang dinamikong kalikasan ng wika at likas na layunin nitong umunawa at maunawaan," dagdag niya.




*Isang bahagi ng presentasyon ni De Guia (inset). Screenshot ng kolokyum*

Tampok sa panel na ito ang *Malansang Fish: Mistranslation and the Fact of Translation* (Malansang Fish) ni Rayji de Guia at *Salin-Salamin: Ang Pagsasa-Filipino ng mga Banyagang Programa* (Salin-Salamin) ni Raia Alexis T. Gallardo at mga kasamang mananaliksik na sina Leila Crisostomo, Ivan Joseph M. de Lara, at Manpreet Singh.

Ayon kay De Guia, ang Malansang Fish ay bahagi ng kaniyang di-graduwadong tesis na nailathala sa *Makiling Review* noong Disyembre 2022.

"This paper interrogates the practice of writing fiction in English as it is demonstrably entangled with a postcolonial creation of the Philippines towards a more critical and conscious poetics that is attentive to language," saad ni De Guia.

Ang paksa ng Malansang Fish ay nagsimula sa maikling kuwentong *Death for Serafina*, isa sa siyam na kuwentong kathang-isip na kasama sa *Writing the Philippines*, ang special issue ng *Cha: An Asian Literary Journal* (Cha) noong Hulyo 2018.

Isinalaysay niyang noong kaniyang baguhin o rebisahin ang kuwento para sa Cha, "I actively pursued uncleanliness for which the Filipinos have many terms that faced many problems in translation."

Isa sa mga mapanghamong pagsasalin ay ang salitang malansa.

"My translation of malansa did not entirely make it to *Writing the Philippines*, which finalized it as 'that terrible taste in your mouth.' The smell and taste of fish that is cooked without proper cleaning ends up being portrayed as simply a matter of taste," aniya. "But I suppose the original did not qualify as coherent, intelligible English, but it is precisely why I wrote it as such. I still maintained that malansa gives you a 'terrible stench in your mouth,'" paliwanag ni De Guia.

Si De Guia ay grantee ng UPD Creative/Critical Thesis Grant in the Arts, Culture, and the Humanities (CCTGACH) noong Akademikong Taon (AT) 2021-2022.

Samantala, ayon kay Gallardo, ang pagsasalin ay pamamaraan ng pagdaloy ng mga ideya, impormasyon, at kultura mula sa iba't ibang wika at lipunan.

"Sa pananaliksik na ito [Salin-Salamin], nakapanayam ang anim na indibidwal mula sa lokal na industriya ng dubbing sa Pilipinas upang malaman ang mga polisiya at batayan sa dubbing," saad ni Gallardo.

Si Gallardo ay iskolar ng UPD Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program (VACSSP) noong AT 2021-2022 at AT 2022-2023. Sa kaniyang pagtatapos, sinabi ni Gallardo na "Maihahalintulad ang proseso ng pagsasalin sa dubbing sa pagiging dinamiko at bukas ng wikang Filipino."

Dagdag pa niya, "Sa mga polisiya at proseso, maliit ang industriya ng dubbing at maaaring makabubuting magkaroon ng pamantayan o gabay sa pagsasalin. Sa *semantics* at *analysis*, mahalaga ang konteksto sa pagsasalin at pagkakaunawa ng manonood, mapa-Filipino o asimilang Ingles man ang salita. Sa kabuuan, ang palitang nagaganap sa mga salitang Filipino at banyaga ay nagpapayabong ng parehong wika, kultura, at lipunan."

Ayon sa pangunahing tagapagpadaloy ng Kaloob-Saliksik na si Rachel T. Siringan, "Ipinakita rito na ang pagsasalin ay buhay at ang pagsasalin ay mahirap din dahil sa mga multilingual na sensibilidad at naipakita rin kung gaano ang wika ay hindi lamang paraan ng pakikipag-usap; ito rin ay nagkokomunika ng world views, values, at ideas."

Si Siringan ay dating iskolar ng UPD Performing Arts Scholarship Program (AT 2021–2022).

Samantala, ang ikaapat na panel na *Sining at Espasyo* ay ipinadaloy ni Gianpaolo L. Arago, katuwang na propesor sa Departamento ng Aralin sa Sining ng UPD Kolehiyo ng Arte at Literatura.




*Isang bahagi ng presentasyon ni Gallardo (inset). Screenshot ng kolokyum*

Ayon kay Arago, nais ng panel na "aralin ang matalik na relasyon sa pagitan ng sining at espasyo. Sa marami nitong sangandaan, mula sa personal hanggang sa mas malawak na kapaligiran, pinagtatagpo nito ang mistulang hiwa-hiwalay na mga usapin ng pagkababae at kawalan ng trabaho, paghilom at pahinga, kaguluhan at hugpungan."

Ang unang tagapagsalita ay si Rochel Ellen C. Bernido (VACSSP, AT 2022-2023) na tumalakay sa *Kung Nakakababa ba ng Matres ang High Heels*.

Ang kaniyang saliksik ay isang personal na sanaysay tungkol sa kaniyang kalbaryo bilang isang babaeng job hunter na namulat sa ideyang seksi, malakas ang dating, at may kapangyarihan ang babaeng nakatakong.

Ipinunto ni Bernido na "Hindi sapatos ang nagpapahirap, nang-aabuso, nang-aalipin, nanggagahasa, at pumapatay sa kababaihan. Ang tunay na nagpapahirap, nang-aabuso, nang-aalipin, nanggagahasa, at pumapatay sa kababaihan ay ang mga likhang batas at ang mga likhang pamantayan sa lipunan."

Ayon kay Arago, ang saliksik ni Bernido ay nakapagpalabas ng mga isyung patuloy na binabaka ng mga kababaihan sa ngayon.

"It also amplifies their calls for their rights and the ability to claim or occupy their space whether in heels or not," saad ni Arago.




*Isang bahagi ng presentasyon ni Bernido. Screenshot ng kolokyum*



*Isang bahagi ng presentasyon ni ledesma. Screenshot ng kolokyum*

Ang pangalawang saliksik ay ang *Umbilicus: Exploring the Production of Symbolic Space* (Umbilicus) ni titat n. ledesma.

“The thesis investigates space through installation, resulting in the creation of a personal symbolic space for solitary respite, represented by a walk-through spiral,” ayon kay ledesma.


Ayon sa abstract ng kaniyang saliksik, “Umbilicus embodied the artist’s personal process of inner healing.”

“Quoting Shaun McNiff in *Trust the Process*, ‘we create together with the world, and everything ultimately participates. The experienced creator realizes how mistakes often suggest the most productive and novel expressions,’” ayon kay ledesma.

Dagdag niya, “The humility, frailty, and failure remind us of our own and their way to gain compassion, to realize compassion within ourselves for others.”

Nasabi naman ni Arago na napaka-interesante ng likhang-sining ni ledesma.

“There is something visceral about it. I didn’t realize that it was also performative when you were walking around, and at the same time, interactive,” saad ni Arago.



*Isang bahagi ng presentasyon ni Pacaña (inset). Screenshot ng kolokyum*

Ang huling presentasyon ng panel at ng buong kolokyum ay ang *Linescapes: Aestheticizing Chaos of Urban Infrastructure* (Linescapes) ni Annie Dennise Pacaña (CCTGACH, AT 2017-2018).

Ayon sa abstract nito, "This research hinges on the pure visual element of lines seen in the wires of utility posts, in the weave of urban patterns, and in the waveform of the city's pulse." Dagdag dito, "In applying abstraction, symmetry, and motion, the chaos of the city becomes legible. It echoes the complexity theory of cities where order is achieved from chaos."

"The images can be eyesores, but it was interesting how you transformed them into something else," ayon kay Arago.

Sa buod ng saliksik naman ni Pacaña, isinasaad na "As we are its inhabitants, its actors, and so we are very much part of the city as everyone else. How we perceive the city we live in also affects our mind maps and affects how we sort and make sense of our experience."

Ang panghapong bahagi ng Kaloob-Saliksik ay naganap mula 1:30 hanggang 4:30 n.h. noong Marso 8 sa Zoom. Napanood din ito sa YouTube channel at Facebook page ng OICA.





*Si Arago (itaas) kasama ang mga tagapagsalita ng ikaapat na panel na sina (ibaba mula kaliwa) Bernido, ledesma, at Pacaña. Screenshot ng kolokyum*

# Music through the decades

Benito V. Sanvictores Jr.

## The works of six homegrown talents were featured in *Likhang Peyups: A Celebration of Music by Composers from Diliman* (Likhang Peyups), a free concert held on March 10 at the Main Hall of the UP Theater.




*Concert poster. Image from the UPSO's Facebook page*

The free concert paid tribute to Filipino music, composers, and musicians.

Likhang Peyups showcased the works of the composers and professors of the UP Diliman (UPD) College of Music (CMu). Performing the compositions at the concert was the UP Symphony Orchestra (UPSO).

**Compositions.** The orchestra first performed *Sketches* by Mary Katherine "Katz" Trangco. The piece was inspired by the Philippines' different sound expressions, particularly the kulintangan and pasyon. Described as an artistic response to the uncertainty brought by the pandemic, its meditative middle section was a desperate cry for unity and peace. Composed in 2022, the orchestral piece premiered and was recorded in July 2022 by the Sofia Philharmonic Orchestra in Sofia, Bulgaria.

This was followed by *Ilig-Duta*, by Maria Christine Muyco, PhD. First composed in 2006 and revised in 2018, *Ilig-Duta* or land flow and land loss, referred to the environmental degradation that parallels the indigenous people's loss of land.

According to the concert program, the piece was "a reflective advocacy against various forms of wasting, man's inhumanity, and loss of conscience on those deprived of the earth's resources. This sense of land flow is developed through timbral and textural processes, incessantly heard in the piece as instruments form concaves and descents."

Next came *ay-a-la-yan-ka* by Alexander John "AJ" L. Villanueva.

The orchestral piece that was composed in 2018 and revised in 2023 stemmed from a series of pieces with musical borrowings of kundiman. The work was inspired by Mike Velarde's *Dahil Sa 'Yo*, with the intention of using the song's social context to draw the audience to a conversation.

The postcolonial context of the kundiman as a song form was also brought into light as a product of the revolution during the Spanish and American colonization leading to its institutionalization.

After Villanueva's work, UPSO performed *Parangal Kay S.W.* by National Artist for Music Ramon P. Santos.

Composed in 1977, it was a tribute to (Pak) Sunardi Wisnusubroto, the very first gamelan teacher at UP. His arrival in 1976 opened a dynamic program in teaching Javanese *karawitan* in the country that continues to this day. When *Parangal Kay S.W.* premiered at the Cultural Center of the Philippines (CCP) in 1980, the soloist was Sunardi himself.

*Trenodya Ke Lean at sa Mga Pinaslang, Pinapaslang, at Papaslangin Pa Dahil sa Walang Hanggang Walang Kadahilanan (Ika-6 na Piyesa)* by Joaquin "Chino" Toledo was UPSO's next performance piece.

Written in 1990 and commissioned by the CCP and the League of Filipino Composers, Toledo's piece was from a collection of six pieces written for various performing forces. The entire collection was completed in September 1990, the third death anniversary of Lean Alejandro, a young Filipino activist and political leader.

The last piece performed by UPSO was *Pyagsawitan* by Marie Jocelyn Marfil, PhD.

The orchestra piece written in 2015 and revised in 2018 was inspired by the harvest ceremony of




*(From left) Silvestre, Villanueva, Trangco, Marfil, Muyco, Toledo (partially hidden), and Santos. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*

the Mansaka, the indigenous people in Southern Mindanao. This is composed of a sequence of four Mansaka dances: rice planting, harvesting, pounding, and cooking. After this sequence, the entire Mansaka community gathers for a three-day feast to celebrate thanksgiving and prayer for a good harvest.

**Composers.** A faculty at the CMu Department of Composition and Theory (DCT), Trangco is finishing her PhD in music at the same department. She is a member of the Philippine Choral Directors Association and Bayi Women Composers Organization (Bayi). She is also the president of the Asian Composers League Philippines (ACL-Phil), chair of the CMu Alumni Association, and conductor of the Himig Sanghaya Chorale.

In 2001, she won the Togakushi Oragamu Composition Competition in Nagano, Japan. In 2011, she was awarded "best arrangement" in the Manila Broadcasting Company's National Choral Competition. She also worked with the National Music Competition for Young Artists or NAMCYA and National Commission for Culture and the Arts in outreach programs that provide training to the youth.

Trangco completed her bachelor's and master's degrees (composition) at the CMu.







*Muyco. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*





*Trangco (right) and Silvestre. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*





*Villanueva. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*

Meanwhile, Muyco is a professor at the DCT and coordinator of graduate studies programs at the CMu after serving as former chair of the DCT. She was the ACL-Phil chairperson who "led the international festival and conference of the ACL attended by more than 15 countries in 2015."

Muyco is the founder and president of Bayi, an organization of women composers of the Philippines, and the Balay Patawili, Inc., a non-profit organization that assists in the cultural growth of indigenous groups in Panay.

She earned her PhD (Philippine studies) from UPD in 2008, with a best dissertation award; alternate studies in ethnomusicology and dance theory from the University of California in Los Angeles, USA (September 2006 - June 2007); MM (composition) from the University of British Columbia, Vancouver, Canada (1998); Bachelor of Music (major in composition, minor in Kalinga music performance), cum laude, from UPD (1996); and AB (humanities) from UP Visayas in 1986.

A lecturer at the CMu, Villanueva was awarded a composer residency with Ensemble Recherche at Freiburg, Germany, for 2021-2022. He is the conductor and artistic director of the Ripieno Ensemble, a chamber ensemble founded in 2015 that specializes in 21st century contemporary chamber and vocal music.

He was honored as one of the Young Composers of Southeast Asia by the Goethe-Institut in Bandung, Indonesia (2011) and a finalist in the competition for young composers of the ACL in Tokyo (2014).

He earned both his bachelor's and master's degrees in composition from UPD in 2012 and 2020, respectively.




*Santos (left) and Silvestre. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*




*Toledo. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*

A university professor emeritus at the CMu, Santos belongs to the new and experimental music group of Filipino composers.

Santos' works were conceived along concepts and aesthetic frameworks of Philippine and Southeast Asian artistic traditions and feature elements from western and non-western sources.

He has been elected an honorary member of the ACL, where he was chairperson from 1994 to 1997. Santos was also elected vice president of the International Music Council at the United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization or UNESCO from 2001 to 2005.

Santos finished his PhD (music composition) from the State University of New York at Buffalo in 1972, Master of Music in Music Composition from Indiana University in 1969, and Bachelor of Music in Music Composition and Conducting from UP in 1965.

A CMu professor emeritus of composition and UP University Artist III, Toledo is the current music director / conductor of UPSO and chair of the DCT. He was the music director of the Metro Manila Concert Orchestra, Manila Symphony Orchestra, and Grupo 20/21 Modular Music Ensemble, among others.

Toledo studied music at the Cleveland Institute of Music and the Paris Conservatory for his graduate studies, and at UP for his

undergraduate degree.
Finally, Marfil is an associate professor at the DCT and coordinator of the CMu Associate in Arts Music Program. Aside from teaching, she also serves as faculty adviser of the UP Rondalla. In 2019, Marfil, as artistic director, led the UP Rondalla in conducting lectures, workshops, and concerts in Hawaii.

She is also a multi-awarded film music composer.

Marfil earned her PhD (composition) from the University of Hawaii, USA in 2015; MA (music theory) from the State University of New York at Buffalo, USA (2005); MM (composition) from UPD (2001); BM (composition), cum laude, from UPD (1993); and DCPMA (composition) from UPD (1992).

**UPSO.** Known as the orchestra for the people or Orkestra ng Bayan, the UP Symphony Orchestra was established in 2018. The orchestra serves as the official system-wide orchestra of UP, supported by the UP System Fund and hosted by the CMu.

Under Toledo's direction, the orchestra maintains a roster of 65 members exclusively from the UP community—alumni, students, faculty, and staff.

An hour before the concert proper, a talk with the composers, *Tanong at Kwentuhan*, was hosted by Ma. Patricia B. Silvestre, PhD, chair of the CMu Department of Musicology, at the theater lobby.




*Marfil. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*




*UPSO. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*




# Isang hapong puno ng musika

Bino Gamba

**Napuno ng masayang tugtugan at musika ang Acacia Courtyard ng UP Town Center nang idaos ng UP Diliman (UPD) ang Himigsikan bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Sining at ng *UPD Arts and Culture Festival 2023* (ACF 2023).**




*Himigsikan 2023 sa Acacia Courtyard ng UP Town Center. Larawang kuha ni Jerald DJ. Caranza, UPDIO*

Itinampok sa *Himigsikan 2023: Kaloob-Tanghal ng mga Artista-Iskolar ng UP Diliman* (Himigsikan) ang mga musikang pagtatanghal ng 11 indibidwal at dalawang grupong artista-iskolar ng bayan.

Ang Himigsikan ay sumasalamin sa tema ng ACF 2023 na *KALOOB mula at tungo sa Bayan: Artista-Iskolar-Manlilikha*.

Ayon kay Direktor Cecilia S. De La Paz ng UPD Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (Office for Initiatives in Culture and the Arts / OICA), "Ang layon natin ay mabigyan ng espasyo ang mga artista-iskolar ng bayan upang maipakita ang kanilang mga talento at mabigyang-puwang na maitanghal ang kanilang mga bagong likha."

Nagagalak din siyang muling naitanghal ang Himigsikan nang *face-to-face*. Matatandaang tatlong taon ding ginanap na birtuwal ang Himigsikan dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19.



*De La Paz. Larawang kuha ni Jerald DJ. Caranza, UPDIO*

Unang nagtanghal ang UP Kontemporaryong Gamelan Pilipino (Kontra-GaPi). Napaindak ng Kontra-GaPi ang mga manonood gamit ang kanilang etnikong musika at sayaw. Ang Kontra-Gapi ay ang residenteng pangkat ng UPD Kolehiyo ng Arte at Literatura (College of Arts and Letters / CAL) at ng Komisyon ng Karapatang Pantao para sa etnikong musika at sayaw.
Inawit naman ni Pat Maliwat ang *Himig ng Pag-ibig* na orihinal na komposisyon ng grupong Asin at *Ikaw* ni Yeng Constantino. Si Maliwat ay isang iskolar ng UPD Performing Arts Scholarship Program, isa sa mga Artist Support Program ng OICA.

Si Cheenie Amoin na isang UPD alumna ay umawit ng *Oo* ng Up Dharma Down, *Sundo* ng Imago, *Porque* ng Maldita, *'Di Mababawi* ni Janine Berdine, at *Ako Na Lang* ni Zia Quizon.

Sumunod na nagtanghal si Jeydah Cawed. Inawit niya ang *She Used to Be Min*e ni Sara Bareilles, *Bulong* ni Kitchie Nadal, at *The Man* ni Taylor Swift. Si Cawed ay isang iskolar ng UPD Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program (VACSSP) ng OICA.

Samantala, itinanghal naman ng grupong PULSO ang mga awiting *Very Special Love* na inareglo para sa koro ni Christopher Borela, *Erbarm es Gott-Können Tränen meiner Wangen* (pasalita at aria mula sa St. Matthew's Passion ni Johann Sebastian Bach), at *Tagumpay Natin Lahat* na inareglo para sa koro ni Eudenice Palaruan.

Bago man sa paningin at pandinig ng marami, ang PULSO ay isang grupo ng mga mang-aawit na ang mga kasapi ay hindi lamang nagmula sa UPD Kolehiyo ng Musika, ngunit maging sa iba pang mga paaralan ng musika sa Pilipinas. Itinatag ito noong 2021 bilang isang simpleng grupo na naglalayong umawit ng mga awiting pangkoro, at noo'y binubuo lamang ng apat na miyembro. Ito ang unang pagkakataon na ang nasabing grupo ay nagtanghal sa isang pampublikong programa, bagaman ang ilan sa kanila ay mga soloista na sa iba't ibang okasyon. Ang grupo ay pinangunahan ng tagapagtatag at isa sa mga countertenor nito na si Cristofer Catapang, na isang artista-iskolar ng OICA.

Umawit din si Nayr de Luna ng *Tuloy Ka Lang* ni Christian Bautista, *Ikaw* na hango sa dulang musikal na *Mula sa Buwan*, at *Agila* ni Joey Ayala. Si de Luna ay isang mag-aaral ng Associate in Arts (theatre) ng CAL Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro (Department of Speech Communication and Theatre Arts).

Sinundan siya ni Chevy Dela Cruz, isang VACSSP scholar, na umawit ng *Runaway* ni Aurora at *Suki Suki Daisuki* ni Jun Togawa.

Ang kaniyang orihinal na mga awiting *Sorry* at *Narito Ako* naman ang itinanghal ni Samie, isa ring mag-aaral ng Associate in Arts (theatre).
Itinanghal naman ni Margarita Lugue, isang VACSSP scholar, ang mga awiting *Ay! Kalisud* na inareglo ni Jovita Fuentes, *Manalig Kang Iniibig Kita* ni Pambansang Alagad ng Sining para sa Musika Lucio San Pedro, *Les Papillons* ni Ernest Chausson, *Ah! Fuggi Il Traditor* ni Wolfgang Amadeus Mozart, at *Unexpected Song* ni Andrew Lloyd Webber.

Sinundan siya ni Via Mari De Vera, isa ring VACSSP scholar. Inawit naman niya ang *Dito Ka Lang* ni Moira Dela Torre, *Hindi Tayo Pwede* ng The Juans (bersiyon ni Janine Teñoso), at *Ako Naman Muna* ni Angela Ken.

Samantala, inawit naman ni Ruth Siringan ang *Liyab* at *(S)alamat*, mga original na likha ng kaniyang bandang Champorados. Inawit din niya ang *Nakauwi Na* ng Ang Bandang Shirley.

Lumahok at umawit naman si Jash Augeane, isang mag-aaral ng BS community nutrition sa UPD Kolehiyo ng Ekonomiyang Pantahanan (College of Home Economics). Nagkataong siya'y namamasyal sa UP Town Center habang ginaganap ang Himigsikan, at naengganyo siyang magpamalas ng kaniyang talento.

Huling nagtanghal si Vana Vega. Inawit niya ang *Helpless* at *Satisfied* mula sa dulang musikal na *Hamilton*. Si Vega ay isang UPD alumna at napiling kinatawan ng Pilipinas para sa *26th Annual World Championships of Performing Arts* para sa vocal category.

Idinaos ang Himigsikan noong Marso 17 sa pangunguna ng OICA.






*(Mula itaas pakaliwa) Kontra-GaPi, Lugue, Augeane, at Vega.*
*Mga larawang kuha ni Jerald DJ. Caranza, UPDIO*







*Anong Papel Mo? artist talk. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO*

# Women artists give back

Anna Regidor




**Three women artists shared their stories, life lessons, and artistic talents with the public at the artist talk *Anong Papel Mo? Mga Kwento ng Pagmulat at Pagyabong* (Anong Papel Mo?) on March 3 at the Parola: UP Diliman (UPD) College of Fine Arts (CFA) Gallery.**

This talk was part of the lecture-workshop *Limbag at Likhang Kamay: Papel ng Kababaihang Manlilikha sa Pagmumulat* (Limbag at Likhang Kamay) in celebration of the Women's Month and the *UPD Arts and Culture Festival 2023* (ACF 2023) *KALOOB mula at tungo sa Bayan: Artista-Iskolar-Manlilikha*.

Limbag at Likhang Kamay was organized by the CFA, the CFA Gender and Development Committee (CFA-GAD), Concerned Artists of the Philippines (CAP), and the UPD Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA).

The speakers at Anong Papel Mo? were Ma. Victoria "Ambie" Abaño, June Mercy Poticar-Dalisay, and Elizabeth "Bibeth" Orteza. Abaño is an associate professor at the CFA Department of Studio Arts (DSA), Poticar-Dalisay is a senior lecturer at the DSA, and Orteza is an actress, writer, former UP alumni regent, and CAP chair.




*(From left) Ito-Tapang, Abaño, Poticar-Dalisay, Orteza, and Pacaña-Lumbao at the open forum. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO*

**Artist talk.** Although she came from a family of doctors, Abaño narrated how she was fortunate enough to have a mother who supported her inclination and decision to pursue the visual arts. This enabled her to come under the tutelage of renowned painter Ibarra dela Rosa.

She then proceeded to talk about her passion and background in printmaking, her preferred medium.

As a printmaker, Abaño received the Asian Cultural Council (ACC) Fellowship in 2012 to undertake research in contemporary art activities and art management in printmaking workshops.

Meanwhile, Orteza spoke about her childhood in Catbalogan, Samar and shared the sage advice that her mother Maria Pascuala Cabuñag told her. Her mother would tell her, "Improve on what you have."

Orteza carried the lesson with her throughout her life. This proved beneficial during her stint as a reporter for Kanlaon Broadcasting System (now CNN Philippines) and when she starred and wrote for the comedy show *Iskul Bukol*. She also paid homage to her late mother-in-law, Armida Siguion-Reyna. Siguion-Reyna famously refused to get married if it meant she could no longer continue being a singer the way she wanted to.

"Babae ako. Anak ng isang matapang na Waray na nagturo sa akin kung paano lumaban. Babae ako. Manugang ng tagapagtaguyod ng awiting Pilipino at lumaban para sa kalayaan sa pamamahayag. Babae ako. Kasal sa isang lalaking minahal ako at hindi lamang ang aking suso. Babae ako. Palabang militante. Sana all," Orteza said.

Finally, Poticar-Dalisay recounted the various influences on her art, which was formed in the heat of the First Quarter Storm in UPD.

"I learned how to create artworks na katulad ng mga artwork na ginagawa sa China at sa Soviet Union, iyon ang influence noon," she said.

The lectures were followed by an open forum moderated by Lisa Ito-Tapang, an assistant professor at the CFA Department of Theory, and Annie Dennise Pacaña-Lumbao, an assistant professor at the CFA Department of Visual Communication.

**Workshops.** The artist talk was followed by a series of art workshops on basic relief printing, creating children's books, and mural painting held on March 10, 25, and 27, respectively.

On March 10, Abaño taught basic relief printing with color enhancement techniques at the CFA's Printmaking Laboratory (Fabian Dela Rosa Hall).

She discussed the history of printmaking before allowing participants to carve out their own unique designs on thin blocks of wood. Paint was applied to the top of the carved portion before a sheet of paper was pressed onto the block, creating the art piece.

The second workshop was *Creating Children's Picture Books* (A Walk-through and Workshop) held on March 25. Pacaña-Lumbao shared the knowledge she gained while writing the children's book *But That Won't Wake Me Up!* which won the Filipino Readers' Choice Award in 2012.

Held at the CFA Gallery, the workshop focused on making wordless picture books, inspired by the artist-author's making of *Ang Bata sa Buwan*. Pacaña-Lumbao walked participants through the initial creation of a story, making a storyboard out of it, and finally drawing the characters.

The third event was *Making a Dazibao: Protest Mural on Paper* on March 27. Poticar-Dalisay taught and facilitated the steps and contexts of making a dazibao, a large wall-mounted newspaper or mural used as a form of protest or propaganda and a popular method of communication in China during the 1970s.

According to CAP, Limbag at Likhang Kamay explores "how women artists have wielded paper, among the most fragile of materials, towards pamumulat: connecting the personal and the political through the written page, painting, and printmaking, writ large, and highlights the special role and contribution of women as artists and cultural workers."




*Poticar-Dalisay presenting her lecture. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO*



Kaloob-Sining Biswal exhibit. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO



Mapupuno at Pakaradyaan. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO



UP Symphony Orchestra. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO



Third Consuelo J. Paz Lecture. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO



UPD officials at Kabilin. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO



Sula at the Utom ne Lingon T'boli workshop. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO



De Luna at Himigsikan. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO




Poticar-Dalisay at Anong Papel Mo? lecture. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO



UP Singing Ambassadors at Duyan Ka ng Magiting. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO



Ito-Tapang and Pacaña-Lumbao. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO


Nemenzo. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO


UP Filipiniana Dance Group at Kabilin. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO


Kaloob-Sining Biswal. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO





Dela Cruz at Himigsikan. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO


Asst. Prof. Reginaldo D. Cruz at the Third Consuelo J. Paz Lecture. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO


Likhang Peyups concert with composers (from second from left) Villanueva, Trangco, Marfil, Muyco, Santos, and Toledo (conducting the orchestra). Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO


A Maranao weaver at Pakaradyaan. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO

# Mga awit at pahayag ng pag-ibig at pakikibaka

Benito V. Sanvictores Jr.




*Poster ng konsiyerto. Imahe mula sa UP Artists' Circle*

**Bilang pakikiisa sa mga usaping kinakaharap ng lipunang Pilipino, inihandog ng UP Artists' Circle Fraternity (UP Artists' Circle), UP Workers' Alliance, at All UP Academic Employees Union–Diliman Chapter ang *Mga Awit ng Ating Panahon: Isang Konsiyerto ng Pag-Ibig at Pakikibaka ng Ating Panahon* (Mga Awit ng Ating Panahon) noong Marso 3 sa University Hotel.**

Ang mga inihandog na awit ay tungkol sa mga usaping kinakaharap noon hanggang ngayon: mga isyung mayroong kinalaman sa kalikasan, transportasyon, manggagawa, pakikibaka, politika, at pangkalahatang karapatan ng mga mamamayan. Itinanghal din ang ilang awiting pag-ibig para sa mga kababaihan bilang ang Marso ang Pandaigdigang Buwan ng mga Kababaihan.

Sa pakikipagtulungan ng UP Diliman (UPD) Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (Office for Initiatives in Culture and the Arts / OICA), nagtanghal ang grupong acoustic na Musikang Bayan, si Joel Malabanan, PhD, at ang kaniyang mga mag-aaral na sina Jzasca Corlet, Red Manuel, Paul Vincent Montilla, AC Paez, Russel, at Ariel.

Ang Musikang Bayan ay pormal na nabuo noong 2002. Ang mga nagtanghal sa Mga Awit ng Ating Panahon na kasapi nito ay sina Danny Fabella (vocals, guitar), Lou Mendez (vocals, guitar), Pedro Alejo (bass guitar), Julz Gandeza (drums), Joc (rhythm guitar), Ian Lofamia (harmonica), at Aila Bathan (vocals). Kasamang nagtanghal sina Bing Parcon at Addie Saliva, mga tagapag-ugnay ng grupo.

Samantala, si Malabanan ay propesor sa Departamento ng Filipino ng Faculty of Arts and Languages sa Philippine Normal University.

Sa kaniyang pambungad na pananalita, sinabi ni Jonathan Beldia, tagapangulo ng UP Workers' Alliance, na ang konsiyerto ay isang inisyatiba "ng Musikang Bayan at ni Saliva."

"Natuloy na ang pangarap natin iba't iba man ang ating genre. Kami '90s, mga E-heads po kami, mga golden boy. Pero magkikita-kita po tayo ngayon dito—sa panahong ito, sa musikang ito. At hindi ito nawawala, ang musika ng pakikibaka," dagdag niya.

Sinimulan ni Malabanan ang konsiyerto sa pag-awit ng kaniyang komposisyong *Hari ng Kalsada*. Napapanahon ang awit dahil sa usapin ng jeepney modernization program at ang kaugnay nitong jeepney phaseout. Sunod niyang kinanta ang mga komposisyon ng kaniyang mga mag-aaral na *Tayo ang Masa* at *Kumusta Ka, Juan?*

Inawit naman ng Musikang Bayan ang mga komposisyon nina Fabella at Levy Abad Jr.: *Mapanganib, Baliktad Na ang Mundo, Lagim ng Panahon, Batas na Butas-Butas, Sa Duyan ng Digma, Paglipas ng Panahon*, at *Babaeng Malaya*.

Sumunod si Corlet na nagtanghal ng awit ng Musikang Bayan na *Sabi Nila*. Inalay niya ito para sa mga kasapi ng LGBTQIA+.

Muling nagtanghal ang Musikang Bayan at inawit ang kanilang *Kalikasan*, *Kung Patay na ang Kabayo*, *Manggagawa Blues*, *Rosas ng Digma*, *Anak ng Bayan*, *Ilusyon*, at *'Di Pangkaraniwan*.

Isinara nila ang konsiyerto sa pag-awit ng *Awit ng Pag-asa* at *Martsa ng Pagkakaisa*, mga awiting makabayan, kalakip ang mga sikat na sigaw na "Iskolar ng Bayan, ngayon ay lumalaban."

Sa pagitan ng mga awit ay ang mga mensahe nina Dyan Gumanao at Armand Dayoha, Elizabeth Ibañez, at Nolan Grulla, mga kinatawan ng mga sektor na dumanas ng iba't ibang usaping kinakaharap ng mga Pilipino.



*Felices. Larawang kuha ni Kevin Roque, UP MPRO*



*Malabanan. Larawang kuha ni Kevin Roque, UP Media and Public Relations Office (UP MPRO)*



*Fabella. Larawang kuha ni Kevin Roque, UP MPRO*

Sina Gumanao at Dayoha, kapuwa alumni ng UP Cebu, ay parehong dumanas ng puwersadong pagdakip at pagkakakulong noong Enero 10.

"Pinaghiwalay po kami. At para magkaroon ng lakas ng loob ay kumakanta po kami sa aming isipan. Very lucky kaming makasama sa celebration na ito. Ang mga kanta ay nagbibigay ng pag-asa at strength," ani Gumanao.

"Nag-celebrate kami ng aming anniversary. Sa harap ng aming abductors ay kumanta kami ng isang kanta. We were singing in our heads, during those times, songs from Musikang Bayan and Jess Santiago like *Isang Araw na Aanihin*, *Sana; Daloy*, *Aking Ilog; Pagsapit ng Dilim*," dagdag ni Dayoha.

Nagsalita naman si Ibañez ng Sibuyanons Against Mining para sa laban sa pangangalaga ng kalikasan habang si Grulla ng UP Transport Group ay naghayag ng hinaing at pakiusap ng mga tsuper.

Nagpasalamat naman si Paolo "Pao" Felices sa imbitasyong makibahagi ang UP Artists' Circle sa konsiyerto. Siya ang tagapangulo ng kapatiran.




*Ibañez. Larawang kuha ni Lloyd Evangelista, UP Film Institute*



*Grulla. Larawang kuha ni Kevin Roque, UP MPRO*



*(Mula kaliwa) Dayoha at Gumanao. Larawang kuha ni Kevin Roque, UP MPRO*



*(Mula kaliwa) Lofamia at Mendez. Larawang kuha ni Kevin Roque, UP MPRO*

Binati rin niya ang Musikang Bayan para sa anibersaryo ng pagkakatatag nito.

"Maraming salamat po sa pag-imbita sa aming kapatiran upang maging bahagi ng konsiyertong ito. Mula pa noong 1970s ay kasama na ang UP Artists' Circle sa iba't ibang pangkultural na organisasyon," ani Felices.

Para sa pangwakas na pananalita, pabirong sinabi ni Rommel Rodriguez, PhD na ang kanyang iniinom ay "apple juice" dahil ang iba sa manonood ay nakainom na ng alak.

"Mas mabuti na ang malasing sa pakikibaka at pakikipaglaban kaysa malasing sa kapangyarihan," ani Rodriguez.

Si Rodriguez ay propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) ng UPD Kolehiyo ng Arte at Literatura.

Kabilang sa mga nakiisa sa konsiyerto sina UPD Tsanselor Fidel R. Nemenzo, Faculty Regent Carl Marc L. Ramota, at mga guro, kawani at mag-aaral ng UPD.

Nagsilbing tagapagpadaloy ng konsiyerto si Jose Monfred C. Sy, katuwang na propesor sa DFPP.

Ang konsiyerto ay para sa benepisyo ng UP Workers' Alliance at tulong pang-medikal para kay Saliva.





# UPD celebrates Maranao women

Anna Regidor

**The UP Diliman (UPD) Tri-College PhD Philippine Studies Program, the UPD Office for Initiatives in Culture and the Arts, Mindanao State University (MSU) System, and the local government of Quezon City in cooperation with the Philippine Commission on Women (PCW) held a two-day celebration of Maranao women and their role in local culture with *Pakaradyaan: Women Weaving Mëranaw Culture* (Pakaradyaan) from March 28 to 29.**

*A Maranao weaver at the exhibit opening, demonstrating how to create a fabric. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO*







*Tirona. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO*

**WOMEN WEAVERS.** The two-day extravaganza began with a lecture-exhibit at the UPD Asian Center (AC) was opened not by one but two university presidents, UP President Angelo A. Jimenez and MSU President Basari Dimakuta Mapupuno.

Three keynote speakers were invited and all of them addressed the roles that Maranao women played in the continuation of their culture and traditions, especially after the 2017 siege that left much of Marawi City destroyed along with its economy.

Quezon City Mayor Maria Josefina Tanya "Joy" Belmonte, represented by Quezon City Tourism Department Officer-in-Charge Maria Teresa Tirona, in her speech on women and development, recounted how the rapid increase in popularity of traditional Maranao handwoven textiles had helped not only with Marawi's economic recovery after the siege but also made entrepreneurs out of the women who weave these traditional fabrics.

On a personal note, Tirona encouraged the organizers to include Maranao food and culinary traditions in their next projects.

Meanwhile, PCW Chairperson Sandra Sanchez-Montano, in her speech on women in society, called on educational institutions such as UP and MSU to continue creating initiatives that empower its female students and "break the glass ceiling."

Lastly, Department of Budget and Management Secretary Amenah Pangandaman, in her speech on women in public service, praised the organizers for "espousing an appreciation for the country's cultural diversity" and "working hard towards the genuine appreciation and recognition of indigenous peoples, specifically Maranawon."

Pangandaman, herself a Maranawon, is a great example of an indigenous woman in public service. She is the first female budget secretary from Mindanao and the first budget secretary from Marawi. Her appointment was approved by the Commission on Appointments in September 2022.




*Sanchez-Montano. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO*



*Pangandaman. Photo by Jerald DJ. Caranza, UPDIO*

After the opening ceremonies, the guests and the members of the audience proceeded to the AC Japan Gallery where the exhibit *Arkat Lawanen and Mëranaw Artisan Weavers: After the Siege and Beyond* was launched.

Open until April 1, the exhibit contained fabrics and dolls produced by the Arkat Lawanen Women Empowerment Producers' Cooperative, many of which were available for purchase. The exhibit launch also featured a live handweaving demonstration.

The chairperson of the cooperative and PCW Commissioner for the Culture Sector Amielyn "Asliyah" Limbona spoke on the struggles Maranao women faced after the siege, how they led to the formation of the cooperative, and how their textile exhibit is a proof that Maranao textiles and the women that make them are weaving a future for Marawi.


**Conference.** On the morning of March 29, the conference proper of Pakaradyaan was held at the lobby of the Wilfrido Ma. Guerrero Theater on the second floor of Palma Hall. Four lectures from four MSU professors on the history and role of Maranao women in society were featured.

Rebekah Alawi, PhD of the MSU-Marawi College of Social Sciences and Humanities (CSSH) delivered *Mëranaw Women in History* while Sohayle Hadju Abdul Racman, PhD of the CSSH Graduate Studies Department delivered *Mëranaw Women in Language and Culture*.

Sorhaila L. Latip-Yusoph, PhD, director of the MSU-Mëranaw Cultural Heritage Center, and the MSU-Office of Information, Press, and Publication, delivered *Mëranaw Society and the Culture of Peace in Mindanao*.

Linang M. Cabutagan, PhD, director and curator of the MSU-Aga Khan Museum of Islamic Arts delivered the lecture *History of Mëranaw Craftsmanship*.

In the Maranao language, pakaradyaan means a festival or celebration.




*Poster of The Third Consuelo J. Paz Lecture. Image from the UP Department of Linguistics Facebook page*

# Lumad identity: a product of encounters

Mariamme D. Jadloc




*The Third Consuelo J. Paz Lecture at the Palma Hall second floor lobby. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*

**Lumad identity is a product of encounters in history.**

This was the claim of author, educator, and UP alumnus Arnold Alamon in his lecture *Postscript to Wars of Extinction: Lumad Identity and Struggle* (Postscript).

According to him, three encounters contribute to the Lumad identity: the proto-Lumad versus the colonial powers during the American colonial occupation, the Lumad versus the developmental agenda of the nation-state that gave birth to the Lumad consciousness, and the Lumad and their resistance in the post-Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA) era.

Alamon said these three encounters bolster his point that "Lumad is an encounter between the Philippine nation-state, its capitalist dreams, and this minority population."

The Lumad are the indigenous peoples of Mindanao who are neither Christians nor Muslims and who have struggled against violence and the dispossession of their ancestral land.



*Alamon. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*





*(From left) Maria Kristina S. Gallego, PhD, chair of DLingg and Alamon. Photo by Jefferson Villacruz, UPDIO*

"In the Lakbayan 2015, the Lumad would represent the Philippines' indigenous peoples in the southern island of Mindanao, and their historical experiences of wars were once again occupying a public space in the national imaginary," Alamon said.

He explained that the historical march of the Lumad from Mindanao to the national capital in late 2015 highlighted the decades-old violent struggle of discrimination against destructive industries backed by the Philippine military and paramilitary forces. Its revelation shocked the public.

"The term Lumad became synonymous with the plight of the oppressed minority in the hands of the government that was supposed to protect them," Alamon said.

He pointed out that the dispossession and violence continue to this day but these are always met with persistent, valiant, and creative resistance.

He also shared that "in the last several years, Lumad as an ascribed identity has detached itself from its places of origins and has made itself available to all of us."

"We can now become Lumad and Filipino once we recognize how we have been ruled and divided, betrayed and oppressed by both our colonial rulers and our national elite," Alamon said.

Alamon is an associate professor of sociology at Mindanao State University-Institute of Science and Technology.

Held on March 17, Postscript was the third installment of the Consuelo J. Paz Lecture Series, an event of the Department of Linguistics (DLingg) of the UP Diliman College of Social Sciences and Philosophy (CSSP) in honor of the former CSSP dean and DLingg chair.

It was the culminating event of the commemoration of Paz's 90th birth anniversary.

# Pangangalaga sa sining at kulturang T'boli

Bino Gamba

**Isang *interactive* na palihan tungkol sa mga katutubong musika (*chants*) at sayaw ng mga T'boli ang ginanap noong Marso 20 sa lounge ng UP Diliman (UPD) Linangan ng Turismo sa Asya (Asian Institute of Tourism / AIT).**

Ang palihang *Utom ne Lingon T'boli: Rhythm of Musical Instruments, Songs, and Chants* ay handog ng AIT, katuwang ang UPD Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining (Office for Initiatives in Culture and the Arts / OICA).

Itinampok sa palihan ang mga kultural na ekspresyon ng mga T'boli gaya ng mga instrumentong pangmusika, mga sayaw, at awit. Ang mga T'boli ay ang katutubong grupo mula sa Lake Sebu, South Cotabato. Kilala sila sa paghabi at pagdisenyo ng telang tinatawag na T'nalak.

"Ang palihan ukol sa kulturang T'boli ay malaking ambag sa pagpapayaman ng katutubong kultura sa mga araling kontemporanyo lalo na sa mga usaping kalikasan, *ancestral lands/domains*, at papel ng kababaihan sa katutubong kultura at komunidad," saad ni Direktor Cecilia S. De La Paz ng OICA.




*Poster ng Utom ne Lingon T'boli workshop. Imahe mula sa OICA website*

Ang palihan ay pinangunahan ni Rosie Sula na kilala rin bilang si Boi Lemingon. Si Sula ay isang T'boli na tanyag sa pag-iingat at pagsusulong ng mga pamanang kultural ng kanilang katutubo. Isa siyang pangunahing mang-aawit (*master chanter*), kompositor, musikera, at mananayaw. Siya ang nagtatag ng Libun Hulung Matul, isang grupo ng mga babaeng T'boli na manghahabi at tagapagtanghal ng mga katutubong sayaw.

Bilang bahagi ng kaniyang panayam, nagkaroon ng *video presentation* ng ilan sa mga utom ng grupong T'boli, gaya ng *utom hegalong* (isang klase ng lute), *utom tenonggong* (*t'nonggong*; isang sagradong drum na gawa sa kawayang gamit na at balat ng usa), *utom plautang s'loli* (gawa sa kawayan), *utom klintang* (kulintang), at *utom b'lowon* (gongs).

Ayon kay Sula, ang utom ay mga ritmo ng mga instrumentong pangmusikal.

Ipinakita rin sa bidyo ang pag-awit ni Sula sa kaniyang chanting house ng isang awit ng pananalangin para sa kaligtasan ng mga bumisita sa Lake Sebu sa unang pagkakataon. Ayon kay Sula, ang pag-awit na iyon ay nagsisilbi ring ekpresyon ng kanilang masaya at mainit na pagtanggap sa mga bisita.

Idinagdag din ni Sula na mayroong iba't ibang tono, liriko, at *episode* ng pag-awit (chanting) ang mga T'boli. Mayroon silang mga maikling awit, folk songs, awit pangkomunidad, at epikong awitin. Subalit, ayon kay Sula, kaunti na lamang sa mga T'boli ang umaawit ng mga epikong awitin.

Si Sula ang kauna-unahang T'boli na *professional chanter* at kompositor ng mga epikong awitin.

"It's a blessing because God imparted this knowledge to my ancestors, my father, and eventually to me, and I should teach the younger generations," saad ni Sula.



*Sula. Larawang kuha ni Jerald DJ. Caranza, UPDIO*






*Itaas: (Mula kaliwa) De Leon, Sula, at Edieser DL. Dela Santa, PhD, dating dekano ng AIT. Larawang kuha ni Jerald DJ. Caranza, UPDIO*

*Kanan: De La Paz. Larawang kuha ni Jerald DJ. Caranza, UPDIO*

Ayon kay Sula, nakapagpatapos na siya ng 38 mag-aaral sa kanilang SLT (school for living traditions) sa Lake Sebu. Nagsasagawa rin siya ng pagtitipon ng mga chanter sa kanilang lugar tuwing unang Sabado ng buwan. Sinisikap niyang irekord at isulat ang mga chant na ibinabahagi at itinatanghal ng kaniyang mga kagrupo.

Sa pagtuturo naman ng sayaw, hiniling ni Sula na gamitin ng mga magsisilahok ang kanilang dalang malong. Ayon kay Sula, ang paggamit ng malong ay nakatutulong sa pag-unawa at pagbibigay ng kahulugan sa pagsasayaw.

Itinuro niya ang mga pangunahing *dance step* ng *Madal Tahu* (isang tunay na sayaw na itinanghal ni Kanaban, kapatid na babae ni Tudbulul, ang mitikong bayani ng mga T'boli) at *Madal Soyow* (warrior dance).

Samantala, pinatingkad at pinagyaman naman ni Felipe M. De Leon Jr., PhD ang aktibidad nang magbigay siya ng komento at pananaw sa mga katutubong tradisyon sa Pilipinas at ang papel ng turismo sa pagpapanatili at pagtataguyod ng mga katutubong pamana at kultura ng Pilipinas.

Si De Leon ay retiradong propesor ng aralin sa sining sa UPD at naglingkod bilang tagapangulo ng National Commission for Culture and the Arts (2011-2016)

Dalawang punto ang binigyang-diin ni De Leon kung ano o saan ang pinanggagalingan ng pagiging malikhain ng mga katutubong Pilipino. Una ay ang matibay na samahan at pakikitungo nila sa isa't isa. "Kumakanta, sumasayaw, at naghahabi sila para sa kanilang mga mahal sa buhay. They do it for honor, for people and community," pahayag ni De Leon.

Ang ikalawang puntong ipinaliwanag ni De Leon ay ang paniniwala ng lahat ng katutubong Pilipino na ang kanilang husay at talento ay mula sa Diyos.

Ayon kay De Leon, "Kapag nakiisa ang tao sa Maylikha, ang kaluluwa ng tao ay magiging artist. Ginagawa nila ang mga ito para sa Diyos, para sa dangal kaya mataas ang kalidad ng kanilang mga gawa at mula 'yan sa communal closeness. Sa katutubong kultura, na mayroong malapit na ugnayan sa isa't isa, lahat ay artista," pagtatapos ni De Leon.




*Ang pagtuturo ng sayaw sa palihan. Larawang kuha ni Jerald DJ. Caranza, UPDIO*

# UPD shines light on Maguindanaon media

Anna Regidor

**As a contribution to the diversification of portrayals of Muslim Filipinos in the media, the Department of History (DHist) of the UP Diliman (UPD) College of Social Sciences and Philosophy held a virtual film screening of the Maguindanaon film, *The Restless Heron* (TRH / *Su Di Makapangintelen a Talik*), the latest installment of SineKas, the department's film screening activity.**




*Poster of the virtual film screening of The Restless Heron. Image from the UP Departamento ng Kasaysayan Facebook page*

Presented in cooperation with Mindanao State University (MSU)-General Santos City, TRH tells the story of the Sultanate of Talik (situated in modern-day Koronadal City) and their journey in the late 19th and early 20th century during the early years of the American occupation of the Philippines.

In the film, Talik was a peaceful sultanate led by Sultan Sambuto. However, its peace was threatened when Datu Ali, the Rajah Muda of Buayan, arrived in Talik. A relative of Sultan Sambuto, Datu Ali was a leading opponent of American policies.

TRH features an ensemble cast led by veteran movie and television actors Rolando Inocencio (Sultan Sambuto) and Jun Nayra (Datu Ali).

